NATIONAL BOWELCANCER SCREENING PROGRAM

Australian Government

<Date> numero ng ID <Consumer ID>

<Participant Given Name> < Participant Family Name >
<Preferred Mailing Address>
<Preferred Mailing Address >
<LOCALITY> <STATE> <POSTCODE>

Mahal na <Participant Given Name> < Participant Family Name >

Nais kitang anyayahang makilahok sa Pambansang Programa ng Screening ukol sa Kanser sa Bituka.

Kalakip ng sulat na ito ang kit para sa pagsusuri at pang-impormasyong buklet. Mangyari lamang na maglaan ng oras upang mabasa ang mga ito.

Ang pagsusuri ay libre at ang pagsasagawa ng pagsusuri ay aabot lamang ng ilang minuto sa dalawang magkaibang mga oras.

Ang pang-impormasyong buklet ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagsusuri. Upang makilahok, ikaw ay magkokolekta ng mga sample mula sa dalawang beses na pagdumi sa pamamagitan ng pagsunod sa sumusunod na mga tagubilin sa kit. Dapat mong:

- itago ang iyong kit sa isang malamig na lugar para sa parehong panahon bago at matapos makolekta ang mga sample;
- kumpletohin ang pagsusuri **sa lalong madaling panahon;**
- kumpletohin ang **Form para sa Mga Detalye ng Kalahok**; at
- ipadala ang parehong mga sample na kalakip ang Form para sa Mga Detalye ng Kalahok sa laboratoryo ng patolohiya gamit ang reply-paid envelope na nasa kit.

Susuriin ng laboratoryo ng patolohiya ang mga sample at kung may matuklasang dugo (kilala bilang positibong resulta ng pagsusuri), sasabihan na makipagkita sa iyong doktor upang pag-usapan ang resulta. **Ang positibong resulta ay hindi nangangahulugan na ikaw ay may kanser sa bituka.** Nangangahulugan lamang ito na may natuklasang dugo sa iyong pagdumi at dapat kang makipagkita sa iyong doktor para sa karagdagang mga pagsusuri upang alamin ang sanhi ng pagdurugo. Karamihan sa mga taong may positibong resulta ay walang kanser sa bituka.

Ang kanser sa bituka ay maaaring tumubo na may ilan, kung mayroon man, na maagang babalang mga palatandaan. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga ang pagsasagawa ng pagsusuring ito. Gayunpaman, kung ikaw ay may anuman sa mga sintomas na nasa pang-impormasyong buklet dapat kang makipagkita sa iyong doktor. Katulad din, na kung ikaw ay may mahalagang kasaysayan sa pamilya ng kanser sa bituka, dapat mong kausapin ang iyong doktor sa lalong madaling panahon.

Umaasa ako na pipiliin mong makilahok sa mahalagang Programang ito. Kung hindi mo nais na makilahok mangyari lamang na punuan ang Opt-Off/Suspend Form sa likod ng pang-impormasyong buklet. Kung ikaw ay may anumang mga katanungan tungkol sa test kit o sa Programa, mangyari lamang na tumawag sa Linyang Pang-impormasyon sa **1800 118 868** sa mga oras ng opisina o makipag-usap sa iyong doktor.

Tapat na sumasaiyo

**Professor John Horvath AO**
**Pinunong Medikal na Opisyal**

NBCSR C001